# *Pagninilay sa Akalt ng Ruth Yugto 12*

Tayo’y magpapatuloy sa mensaheng ito na ating sinimulan sa pagninilay mula sa aklat ng Ruth.

***“1 Si Booz nga'y sumampa sa pintuang-bayan, at naupo siya roon: at, narito, ang malapit na kamaganak na sinalita ni Booz ay nagdaan; sa lalaking yao'y sinabi niya, Oy, kuwan! lumiko ka, maupo ka rito. At siya'y lumiko, at naupo.” (Ruth 4:1)*** Dito natagpuan natin na si Booz ay nagpunta sa pintuang-bayan ng Bethlehem, at naupo doon. Ang lugar na iyon ay hindi isang tindahan ng kape kundi isang dako ng pamahalaan ng bayan kung nasaan ang matatanda ng bayan, ang matatanda ng bayan ng Dios at ang matatanda ng simbahan ay nagkikita doon at nanatili doon upang pag-usapan ang mga isyu ng bayan at ang mga isyu na kailangan harapin. Si Booz ay hindi nagpunta sa bahay ng lalaking iyon para katagpuin siya kundi pumunta sa pintuang-bayan dahil ang lugar na iyon kung saan ang mahalagang mga isyu ay kailangang pag-usapan.

Ang Kasulatan ay nagbibigay sa atin ng mabuting impormasyon kung anong naganap sa pintuang-bayan. Ang pintuan ng bawat isang bayan noong unang panahon ay lugar kung saan ang matatanda at ang mga namumuno ng bayan ay nauupo upang magkipagkita sa mga tao at pagpasyahan ang mga usapin sa buhay. Ngunit bakit ang pintuan ng bayan ay ginagamit para sa layuning iyon, kung saan ang matatanda ay nauupo at ibinbigay ang kanilang mga kapasyahan tungkol sa mahahalagang bagay ng buhay?

Ang pintuang-bayan kung saan aalis ang mga tao sa bayan upang pumunta at maglakbay sa ibang lugar para sa isang tiyak na layunin. Kaya’y kapag sila’y pupunta sa pintung-bayan kinakailangan nilang ipahayag ang dahilan kung bakit sila aalis. Kaya sa lugar na iyon tinantanggap nila ang pahintulot upang umalis at magpatuloy sa kanilang paglalakbay o sila ay tatanggihan. Gayundin din kung sila’y aalis sila ay sisiyasatin at titingnan kung ano ang mga bagay na kanilang dinadala palabas ng bayan. Ang mahahalagang bagay na mahalaga at importante para partikular na lugar na iyon ay maaring hindi pahintulutan upang dalahin nila. Ito ay katulad ng custom at ng immigration check point sa ating panahon. Maaring mas mabuti pa para sa pamilya ni Elimelech na tanggihan ang pag-alis sa Bethlehem kaysa sa pagdurusa sa lahat ng kanilang pinagdaanan.

Ang pintuan ng bayan ay ang lugar kung saan ang mga tao mula sa labas ay tatanggapin sila at sisiyasatin bago sila pahintulutang makapasok sa bayan, kung sila ay may dinadalang masamang mga bagay na maaring kuhanin ang mga ito sa kanila, kung sila ay mga taong nakakapinsala sa gayon sila’y hindi makapasok sa bayan.

Samakatuwid para sa kahalagahan ng lugar na iyo at dahil maraming mga gawain ang isinasagawa sa pintuang-bayan, kung gayon iyon ang lugar kung saan ang mga hukom at ang matatanda ng bayan ay magkikita doon upang katagpuin ang mga tao at pag-usapan ang mahahalagang bagay sa kanilang buhay at makialam at magpasya tungkol sa ilang mahahalagang pangyayari sa kanilang buhay.

Sa gayong mga dahilan at itinakda, sa gayon ito ay sapilitan para sa mga hukom at sa matatanda ng bayan upang sundin ang kautusan ng Dios upang salitain at ipatupad ang mahahalagang pasya sa buhay ng mga tao. *Para sa atin sa Simbahan ng Bagong Tipan, ang pintuang-bayan ay ang Simbahan ng Dios at ng mga namumuno, at ang matatanda ng simbahan ay ang mga tao na may pananagutan para siyasatin ang buhay ng bayan ng Dios.*

Karagdagan sa ibaba ng Kasulatan na magbibigay-liwanag sa atin tungkol sa kahalagahan ng pintuang-bayan at kung saan ang mga tungkulin na dapat gawin sa pintuang-bayan:

1. ***Pagdidisiplina sa mga anak: “18 Kung ang isang lalake ay may matigas na loob at mapanghimagsik na anak, na ayaw makinig ng tinig ng kaniyang ama, o ng tinig ng kaniyang ina, at bagaman kanilang parusahan siya ay ayaw makinig sa kanila:19 Ay hahawakan nga ng kaniyang ama at ng kaniyang ina at dadalhin sa mga matanda sa kaniyang bayan, at sa pintuang-bayan ng kaniyang pook;20 At kanilang sasabihin sa mga matanda sa kaniyang bayan. Itong aming anak ay matigas na loob at mapanghimagsik, na ayaw niyang dinggin ang aming tinig; siya'y may masamang pamumuhay, at manglalasing. 21 At babatuhin siya ng mga bato, ng lahat ng mga lalake sa kaniyang bayan upang siya'y mamatay: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo; at maririnig ng buong Israel, at matatakot.” (Deutronomio 21:18-21)*** Ang mg magulang na hindi kayang pangasiwaan at disiplinahin ang kanilang mga anak, kung gayon ang mga bata ay dadalhin ng mga magulang sa pintuang-bayan, sa matatanda, upang siyasatin, disiplinahin at harapin. *Kailangan nating iulat ang makasalanang mga bagay na ginagawa ng ating mga anak sa mga namumuno sa simbahan upang mapayuhan nila tayo at tulungan na hawakan sila sa tamang paraan.*

2. ***Ang mahalagang kapasyahan tulad ng pag-aasawa, at pagbebenta at pagbili ng mga ari-arian.*** Sa aklat ng Ruth nang hinarap ni Booz ang ibang mga kamag-anak na magtutubos patungkol sa

ari-arian ni Noemi at pag-aasawa kay Ruth ang balo ni Mahlon, Si Booz ay nagpunta sa pintaung-bayan at ipinaalam ang bagay sa matatanda upang pahintulutan at saksihan ang unawaan sa pagbili gaya ng iyong mababasa rito: ***"1 Si Booz nga'y sumampa sa pintuang-bayan, at naupo siya roon: at, narito, ang malapit na kamaganak na sinalita ni Booz ay nagdaan; sa lalaking yao'y sinabi niya, Oy, kuwan! lumiko ka, maupo ka rito. At siya'y lumiko, at naupo. 2 At siya'y kumuha ng sangpung lalake sa mga matanda sa bayan, at sinabi, Maupo kayo rito. At sila'y naupo. 3 At sinabi niya sa malapit na kamaganak, Ipinagbibili ni Noemi, na bumalik na galing sa lupain ng Moab, ang bahagi ng lupa, na naging sa ating kapatid na kay Elimelech: 4 At aking inisip na ipahayag sa iyo, na sabihin, Bilhin mo sa harap nilang nakaupo rito, at sa harap ng mga matanda ng aking bayan. Kung iyong tutubusin ay tubusin mo; nguni't kung hindi mo tutubusin ay saysayin mo nga, upang matalastas ko: sapagka't wala nang tutubos na iba pa liban sa iyo: at ako ang sumusunod sa iyo. At sinabi niya, Aking tutubusin. 5 Nang magkagayo'y sinabi ni Booz, Anomang araw na iyong bilhin ang parang sa kamay ni Noemi, ay marapat na iyong bilhin din ang kay Ruth na Moabita, na asawa ng namatay, upang ibangon ang pangalan ng namatay sa kaniyang mana. 6 At sinabi ng malapit na kamaganak, Hindi ko matutubos sa ganang akin, baka masira ang aking sariling mana: iyo na ang aking matuwid ng pagtubos; sapagka't hindi ko matutubos. 7 Ito nga ang kaugalian ng unang panahon sa Israel tungkol sa pagtubos at tungkol sa pagpapalit, upang patotohanan ang lahat ng mga bagay; hinuhubad ng isa ang kaniyang pangyapak, at ibinibigay sa kaniyang kapuwa: at ito ang paraan ng pagpapatotoo sa Israel. 8 Sa gayo'y sinabi ng malapit na kamaganak kay Booz, Bilhin mo sa ganang iyo. At hinubad niya ang kaniyang pangyapak. 9 At sinabi ni Booz sa mga matanda at sa buong bayan, Kayo'y mga saksi sa araw na ito, na aking binili ang lahat ng kay Elimelech, at lahat na kay Chelion, at kay Mahalon, sa kamay ni Noemi. 10 Bukod dito'y si Ruth na Moabita, na asawa ni Mahalon, ay aking binili na maging aking asawa, upang ibangon ang pangalan ng namatay sa kaniyang mana, upang ang pangalan ng namatay ay huwag mahiwalay sa gitna ng kaniyang mga kapatid, at sa pintuang-bayan ng kaniyang dako: kayo'y mga saksi sa araw na ito. 11 At ang buong bayan na nasa pintuang-bayan, at ang mga matanda ay nagsabi, Kami ay mga saksi. Gawin ng Panginoon ang babae na pumapasok sa iyong bahay, na gaya ni Rachel at gaya ni Lea, na silang dalawa ang nagtatag ng sangbahayan ni Israel, at maging makapangyarihan ka sa Ephrata, at maging bantog sa Bethlehem: 12 At ang iyong sangbahayan ay maging gaya ng sangbahayan ni Phares, na ipinanganak ni Thamar kay Juda, sa binhi na ibibigay ng Panginoon sa iyo sa batang babaing ito. 13 Sa gayo'y kinuha ni Booz si Ruth, at siya'y naging kaniyang asawa; at siya'y sumiping sa kaniya, at pinapaglihi ng Panginoon, at siya'y nanganak ng isang lalake." (Ruth 4:1-13)*** Kaya dito malinaw nating makikita na ang usapan sa pagbili ng lupain at ang pag-aasawa sa balo ay gagawin sa ilalim ng mga namumuno at sa pagpapahintulot ng matatanda ng bayan. *Ang mga plano sa pag-aasawa at palno para sa pagbili ng mga lupain at bahay ay sersyosong pagpapasya at kailangan nating lumapit sa mga namumuno ng simbahan, ipaalam ang buong bagay, upang maturuan tayo at bigyan tayo ng tamang payo at ang kalooban ng Dios sa mga bagay na dapat nating gawin.*

3. ***Pagharap sa mga immoralidad at pagtataksil sa pag-aasawa: "13 Kung ang sinoman ay magasawa, at sumiping sa kaniya, at kaniyang kapootan siya, 14 At kaniyang bintangan ng mga kahiyahiyang bagay, at ikalat ang isang masamang dangal niya, at sabihin, Aking kinuha ang babaing ito, at nang sipingan ko siya, ay hindi ko nasumpungan sa kaniya ang mga tanda ng pagka donselya: 15 Kung magkagayo'y ang ama ng dalaga at ang kaniyang ina ay kukuha at maglalabas ng mga tanda ng pagka donselya ng dalaga sa harap ng mga matanda sa bayan, sa pintuang-bayan; 16 At sasabihin ng ama ng dalaga sa mga matanda, Ibinigay ko ang aking anak sa lalaking ito na maging asawa at kaniyang kinapootan siya; 17 At, narito, kaniyang binibintangan ng mga kahiyahiyang bagay, na sinasabi, Hindi ko nasumpungan sa iyong anak ang mga tanda ng pagka donselya: at gayon ma'y ito ang mga tanda ng pagka donselya ng aking anak. At kanilang ilaladlad ang kasuutan sa harap ng matatanda sa bayan. 18 At kukunin ng mga matanda sa bayang yaon ang lalake at parurusahan siya; 19 At kanilang sisingilin siya ng isang daang siklong pilak at ibibigay sa ama ng dalaga sapagka't kaniyang ikinalat ang isang masamang dangal ng isang donselya sa Israel: at siya'y magiging kaniyang asawa; hindi niya mapalalayas siya sa lahat ng kaniyang kaarawan. 20 Nguni't kung ang bagay na ito ay totoo na ang mga tanda ng pagka donselya ay hindi masumpungan sa dalaga; 21 Ay kanila ngang ilalabas ang dalaga sa pintuan ng bahay ng kaniyang ama, at babatuhin siya ng mga bato, ng mga lalake sa kaniyang bayan upang siya'y mamatay: sapagka't nagkasala siya ng kaululan sa Israel, na nagpatutot sa bahay ng kaniyang ama: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo. 22Kung ang isang lalake ay masumpungan, na sumisiping sa isang babaing may asawa, ay kapuwa nga sila papatayin, ang lalake na sumiping sa babae, at ang babae: gayon mo aalisin ang kasamaan sa Israel. 23Kung ang isang dalagang magaasawa sa isang lalake, at masumpungan siya ng isang lalake sa bayan, at sumiping sa kaniya; 24 Ay inyo ngang ilalabas***

***kapuwa sila sa pintuan ng bayang yaon, at inyong babatuhin sila ng mga bato upang sila'y mamatay; ang babae, sapagka't di siya sumigaw, ay nasa bayan; at ang lalake, sapagka't pinangayupapa ang asawa ng kaniyang kapuwa: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo." (Deutronomio 22:13-24)*** Gaya ng makikita mo ng malinaw na ang matatanda ng bayan ay nasasangkot sa mga usapin na patungkol sa aspeto ng moral ng pamilya at pag-aasawa. *Sa parehong paraan ang simbahan ay may isang salita dapat at kayang harapin ang kasalanan na nauugay sa immoralidad at makakaapekto sa kabanalan ng pag-aasawa. Ang namumuno sa simbahan ay dapat panatilihin ang pamumuhay sa simbhan sa banal na kapaligiran sa pagdidisiplina sa kalalakihan at sa pananamit at make-up ng kababaihan upang maiwasan ang kahubaran na magsusulong ng immoralidad. Gayundin ang simbahan ay hindi dapat pahintulutan ang mga batang lalaki at babae na makihalubilo sa isa't isa; ang mga lalaki ay dapat kasama ng kapwa lalaki at ang babae ay dapat kasama ng kapwa babae upang maiwasan ang immoralidad.* Kailangan nating maging alisto tungkol sa kasalanan ng immoralidad dahil ito ay isang napaka mabisang paraan para sa diablo na magpasok ng mga demonyo sa simbahan at magdulot sa iba na mahawaan at humantong sila sa immoralidad. ***"15 Hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong mga katawan ay mga sangkap ni Cristo? kukunin ko nga baga ang mga sangkap ni Cristo, at gagawin kong mga sangkap ng isang patutot? Huwag nawang mangyari. 16 O hindi baga ninyo nalalaman na ang nakikisama sa patutot, ay kaisang katawan niya? sapagka't sinasabi niya, Ang dalawa ay magiging isang laman. 17 Nguni't ang nakikisama sa Panginoon, ay kaisang espiritu niya. 18 Magsitakas kayo sa pakikiapid. Lahat ng kasalanang gawin ng mga tao ay nangasa labas ng katawan; nguni't ang gumagawa ng pakikiapid ay nagkakasala laban sa kaniyang sariling katawan. 19 O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios? at hindi kayo sa inyong sarili; 20 Sapagka't kayo'y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Dios." (1 Corinto 6:15-20)***

4. ***Karunugan at pagkilala para sa isang tiyak na mapanganib na mga pagpapasya:*** Ang matatanda na nasa pituang-bayan ay dapat kilala sa kanilang paninindigan, sa kanilang buhay at patototo at pagiging tagasunod ng Dios. Ang kanilang pamilya ay nasa ayos at kanilang buhay ay mabuting halimbawa at isang magandang patotoo na dapat sundan. Sa ***Kawikaan 30:10-31*** ay sinasalita ang tungkol sa babaeng may banal na katangian at kung paano nagkaroon ng malaking epekto sa kanyang asawa at sa kanyang impluwensya sa pintuang-bayan ang kanyang mabuting tulong sa pamilya, "***23 Ang kaniyang asawa ay kilala sa mga pintuang-bayan, pagka siya'y nauupo sa kasamahan ng mga matanda ng lupain." (Kawikaan 31:23)*** Ang ganitong uri ng babae at pamilya ay mahusay na pinatotohanan at magandang halimbawa sa iba na dapat sundin. ***"31 Bigyan ninyo siya ng bunga ng kaniyang mga kamay; at purihin siya ng kaniyang mga gawa sa mga pintuang-bayan." (Kawikaan 31:31)*** *Ang simbahan ay dapat may matatanda, na ang kanilang buhay at kanilang pamilya ay mabuting halimbawa at hamon sas iba upang sundan, kaya't sila ay magbibigay ng magandang input ng karunungan sa mga kritikal na isyu na pinagdaraanan ng simbahan*. Kailangan ng karunungan sa pintuang-bayan, ***"21 Siya'y humihiyaw sa mga pangulong dako na pinaglilipunan; sa pasukan ng mga pintuang-bayan, sa bayan, kaniyang binibigkas ang kaniyang mga salita:" (Kawikaan 1:21)*** *Ang karunungan ay sinasalita sa pintuang-bayan, at kinakailangan para sa matatanda ng simbahan sa pangunguna sa mga usapin ng gawain ng Dios at ng Kanyang bayan,* ***"1 Hindi ba umiiyak ang karunungan, at inilalabas ng unawa ang kaniyang tinig? 2 Sa taluktok ng mga mataas na dako sa tabi ng daan, sa mga salubungang landas, siya'y tumatayo; 3 Sa tabi ng mga pintuang-bayan sa pasukan ng bayan, sa pasukan sa mga pintuan siya'y humihiyaw ng malakas: 4 Sa inyo, Oh mga lalake, ako'y tumatawag; at ang aking tinig ay sa mga anak ng mga tao. 5 Oh kayong mga musmos, magsiunawa kayo ng katalinuhan; at, kayong mga mangmang, makaunawa kayo sa puso." (Kawikaan 8:1-5)*** *Sa mga nagunguna ng simbahan ay dapat may karunungan ng Dios at ang kanilang buhay at ang kanilang mga patotoo ay dapat nagpapatotoo sa kanila:* ***"13 Sino ang marunong at matalino sa inyo? ipakita niya sa pamamagitan ng mabuting kabuhayan ang kaniyang mga gawa sa kaamuan ng karunungan." (Santiago 3:13)***

5. ***Ang pamilyang nagpapalaki ng mga makaDios na mga anak ay nagpapalaki ng mga lalaking kayang harapin ang kaaway at ang mahahalagang isyu sa pintuang-bayan: "4 Kung paano ang mga pana sa kamay ng makapangyarihang lalake, gayon ang mga anak ng kabataan. 5 Maginhawa ang lalake na pumuno ng kaniyang lalagyan ng pana ng mga yaon: sila'y hindi mapapahiya, pagka sila'y nakikipagsalitaan sa kanilang mga kaaway sa pintuang-bayan." (Awit 127:4-5)*** *Ang makaDios na mga pamilya at makaDios na mga magulang ay pananatilihin ang kapaligiran ng tahanan para sa pagsasanay na mga layunin para sa mga anak upang palakihin bilang makaDios na mga anak na may takot sa Dios at*

*sinanay sa Salita ng Dios ng kung paano pangasiwaan ang mga isyu at ang mga suliranin sa buhay*. Ang pamilya ni Rebeka nang ipinadala nila siya upang maging asawa ni Isaac hiniling nila ang sumusunod: ***"60 At kanilang binasbasan si Rebeca, at sinabi nila sa kaniya, Kapatid namin, maging ina ka nawa ng yutayuta, at kamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan niyaong mga napopoot sa kanila." (Genesis 24:60)*** Hniling nila sa kanya na ang kanyang binhi ang magkakamit ng pintuang-bayan ng kanilang mga kaaway. Noong dating panahon ang pintuang-bayan ay ang pinakamalagang lugar at kung ang kaaway ay magmamanipula ng lugar na ito makakaya nilang kunin ang bayan.

Nang kinuha ni Joshue ang bayan ng Hai at pinatay ang hari nito, ginawa niya ang sumusunod sa hari ng kaaway, ***"29 At ibinitin niya ang hari sa Hai sa isang punong kahoy hanggang sa kinahapunan: at sa paglubog ng araw ay iniutos ni Josue, at ibinaba nila ang kaniyang bangkay sa punong kahoy at inihagis sa pasukan ng pintuan ng bayan, at binuntunan ng malaking bunton ng mga bato, hanggang sa araw na ito." (Joshue 8:29)***

Si Jesus sa ating Bagong Tipan ay si Joshue na nag-aakay sa atin sa Buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng Kanyang dugo na ibinuhos sa krus para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan. Sinabi niya kay Simon Pedro, ***"18 At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya." (Mateo 16:18)*** Ang pintuan ng impierno ay ang pintuan ng mga kaaway na namumuhi kay Cristo at sa Kanyang binhi at sa Kanyang Salita, at namumuhi sa atin.

Si Cristo ay ang ating Panginoon at ang ating Tagapagligtas. Pinatahimik Niya ang Kanyang mga kaaway sa labas ng pintuang-bayan ng Jerusalem at natalo niya sila. ***"12 Kaya naman si Jesus, upang mapaging banal sa pamamagitan ng kanilang sariling dugo ang bayan, ay nagbata sa labas ng pintuan." (Hebrew 13:12)*** Ipinako nila si Jesus sa labas ng Jerusalem. Kinamuhian nila Siya sapagkat hinarap Niya sila sa kanilang mga kasalanan at pagsalangsang, at inilantad Niya ang lahat ng kanilang mga kasamaan. Kailangan nating sundin ang Kanyang halimbawa sa paglilingkod sa Kanya. *Ang mga tao ay kapopootan at dapat mapoot sa atin dahil sa ating matatag na paninindigan laban sa kasalanan, laban sa kinaugalian at laban sa lahat ng gawain ng diablo*. Ang ating Panginoong JesuCristo sa Kanyang banal na panalangin, binanggit Niya sa Dios, ang Ama, ang mga sumusunod tungkol sa atin, na Kanyang mga alagad, ***"14 Ibinigay ko sa kanila ang iyong salita: at kinapootan sila ng sanglibutan, sapagka't hindi sila taga sanglibutan, gaya ko naman na hindi taga sanglibutan." (Juan 17:14)*** *Ang mga tao ng sanglibutan ay kamumuhian tayo sa isang punto o sa iba kaugnay sa mga katuran at sa Salita ng Dios. Kung lahat ay iniibig ka at nasisiyahan sa iyo, kung gayon tiyak na ikaw ay nakikipagkompromiso at hindi hinaharap ang mga tao sa kanilang mag kasalanan, Iyon ay tinatawag ang pagsisisi mula sa iyong panig.*

At ngayon ano ang maari nating sabihin tungkol sa ***Amos 5:10, "Kanilang kinapopootan ang nananaway sa pintuang-bayan, at kanilang kinasusuklaman ang nagsasalita ng matuwid." (Amos 5:10)***

***"Kanilang kinapopootan ang nananaway sa pintuang-bayan:*** Sa mga gumagawa ng mali at sinaway at pinapatigil sa paggawa ng mali at mula sa pagsunod sa kanilang sariling kagustuhan, tiyak na kamumuhian nila ang mga hukom at matatanda na nagsaway sa kanila. Sa ngayon ang matatanda ng simbahan ayaw nilang makialam sa buhay ng mga tao na ipinagkatiwala sa ilalim ng kanilang pangangalaga, simple dahil ayaw nilang kamuhian sila ng mga tao o magalit sa kanila.

***at kanilang kinasusuklaman ang nagsasalita ng matuwid:*** Mas nakakalungkot na malaman na hindi gusto ng mga tao ang dalisay na tao na hindi sumisira sa usapin ng kanilang buhay. Sa ngayon ang mga namumuno ng simbahan ayaw nilang ipahayag nang buong tapang ang kanilang mga paninindigan at kung ano ang malinaw na sinasabi ng Bibliya tungkol sa mga isyu ng buhay, dahil ayaw nilang masaktan ang damdamin ng mga tao at ang kanilang mga damdamin,

Ang kasalanan gaya ng pagnanakaw, pangangalunya, panunuhol, pagsisinungaling, atbp., ay nakakadalamhating mga bagay. Ngunit mas makasalanan kaysa sa mga kasalanang ito ay kapag batid ng simbahan ang tungkol sa mga maling gawain ng mga taong nasa ilalim ng kanilang pangangalaga ay gumagawa ngunit sila'y nanatiling tahimik, hindi sila hinaharap at hindi ipinapahayag sa kanila ang kalooban ng Dios. Ang pakikipagkompromiso ay ang pinakamasamang kasalanan na lubhang naglalagay sa panganib ng simbahan sa ngayon. Ang mga nakipagkompromiso ay mga kabahagi ng kasalanan sa mga gumagawa ng mga nabanggit na kasalanan at nagpapasaya sa kanila.

Ang mga pastor, matatanda at ang lahat ng mga namumuno ng simbahan na hindi sinasaway ang mga tao para sa kanilang mga kasalanan at hindi nakikialam sa personal na buhay ng mga tao dahil nais nilang panatilihin ang

pabor ng mga tao, at ayaw nilang ayawan sila ng mga tao, sila'y hindi naglilingkod sa Dios at nakakasapinsala ang kanilang paglilingkod.

Sinabi ni Apostol Pablo, ***"11 At huwag kayong makibahagi sa mga walang mapapakinabang na gawa ng kadiliman, kundi bagkus inyong sawatain;" (Epeso 5:11 KJV)*** Ang mga pinuno ng simbahan ay magiging ganap ang kanilang mga pananagutan kapag:

A. Paglalantad ng kasalanan.
B. Ang pagsaway sa mga makasalanan para sa kanilang mga kasalanan, sa pamamagitan ng paglalantas ng kanilang mga kasalanan, ginagawa natin iyon nang may pag-ibig, ipinapaliwanag ang masamang epekto ng mga kasalanang ito, at hinaharap sila, tinutulungan silang maligtas, at dinidisiplina sila nang naangakop.
C. Pinoprotektahan ang iba pang kasapi mula sa pagkahawa ng mga kasalanan ng iba. Kaya naman bilang mga bantay at banaty ay kailangan nating iulat sa mga pinuno ng simbahan ang mga detalye ng anumang kasalanan at maling gawain na dumarating sa ating buhay upang harapin nila ito ng maayos.

Ang mga namumuno sa simbahan ay dapat hindi matakot sa mga salita at opinyon ng mga tao. Inilagay ka ng Dios sa pintuan upang maglingkod sa Kanya, sa gayong maging matatag at gawin ang gawain ng Dios nang totoo. ***"10 At anomang kaalitan ang dumating sa inyo na mula sa inyong mga kapatid na nagsisitahan sa kanilang mga bayan, na dugo't dugo, kautusan at utos, mga palatuntunan at mga kahatulan, ay inyong papayuhan sila, upang sila'y huwag maging salarin sa Panginoon, at sa gayo'y kapootan ay huwag dumating sa inyo, at sa inyong mga kapatid: ito'y inyong gawin, at kayo'y hindi magiging salarin." (2 Cronica 19:10)*** ** Ang mga namumuno sa simbahan ay hindi dapat makipagkompromiso kapag ang kasalanan ay inilantad. Sapagkat kapag sila'y hindi gumawa ng anumang pagkilos, ang poot ng Dios ay darating sa buong simbahan at ang mga tao ay mahuhulog sa maraming mga kaguluhan dahil sa poot ng Dios na pinasigla ng mga pakikipagkompromiso ng mga pinuno ng simbahan. Kaya't kailangan nating sawayin ang mga nagkakasala, at ilantad ang kasalanan at iulat ang mga ito sa mga pinuno ng simbahan upang ito ay matugunan ng maayos at na magdulot ng pabor sa Dios, ang biyaya at pagsang-ayon ng Dios ay babagsak sa buong simbahan. Tayo, bawat isa sa atin ay italaga ang ating sarili sa ministeryo sa pintuang-bayan at gawin ang kinakailangan ayon sa ating natutunan mula sa mensaheng ito.*

***Sa aking mahal at minamahal:*** Tayo ay lumapit ngayon sa Dios sa pagsisisi at hnadang talikdan ang ating mga kasalanan at ang ating maling mga gawain, upang patawarin tayo ng Dios at linisin tayo mula sa lahat ng kasamaan. Tayo ay lumapit sa Dios sa pagsisisi at handang magbago at sumunod sa mga utos na tinanggap natin sa Salita ng Dios upang tayo'y makapagpakita ng mabuting halimbawa sa iba at mapagkalooban ng karunungan ng Dios. Lumapit tayo sa Dios at maging handa na disipilinahin ang ating mga anak at palakihin sila sa takot sa Panginoon. Panatilihin nating malinis ang kapaligiran ng tahanan upang tayo at ang ating mga anak ay masira. Maging handa nating harapin ang lahat ng immoralidad at mga gawain ng kasintahang lalaki, kasintahang babae, pakikipagtagpo at panliligaw, pagsasama ng hindi kasal, paghihiwalay, at pag-aasawang muli, hindi pagpapahintulot sa mga lalaki na sumama sa mga babae, hindi pagpapahintulot sa make-up at hindi disenteng damit, at ang sa lahat. Huwag nating gustuhin makipagkompromiso at kunsintahin ang kasalanan at sa mga nagkakasala. Huwag tayong matakot kung ang mga taong nakapalibot sa atin ay kamumuhian tayo at uusigin tayo dahil sa Kanyang pangalan. Sa huli ay maging handa na walang itinatago sa simbahan at maging handang ipaalam ang mahalaga at mapanganib na mga personal na bagay tulad ng plano ng pag-aasawa, paglipat ng tirahan, plano ng pagbebenta, at pagbili ng lupa at ari-arian, atbp., upang mapag-usapan namin kayo at mabigyan ka ng tamang payo na kailangan mo sa iyong buhay.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyong mensahe na nagturo sa akin ng kahalagahan ng simbahan sa aking buhay at iyon ay aking kailangan upang ipagbukas ang aking mahalagang mapanganib at personal na mga bagay sa matatapat na mga pinuno ng simbahan na nangangalaga sa akin.*

*Hinggin sa Dios ang kapatawaran para sa lahat ng iyong mga kasalanan; talikdan ang pagmamataas, ang iyong mga maling plano, pagtatago ng mga kasalanan, at ginagawa ang iyong sariling kagustuhan, ang iyong pakikipagkompromiso at pagkukunsinti ng kasalanan, at ayaw disiplinahin ang iyong mga anak, atbp. Panginoon patawarin ako at ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan_____________________________________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa katuruan na aking natanggap mula sa iyong Salita sa mensaheng ito upang gawin at isagawa ito sa aking buhay. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na disiplinahin ang aking mga anak at panatilihin ang kapaligiran ng bahay na malinis. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na labanan ang lahat ng mga pagsasagawa ng immoralidad, ng make-up at hindi desinteng pananamit. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na tiisin ang pagkamuhi ng mga tao sa akin at pag-uusig sa aking dahil sa iyong pangalan. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na ipaalam sa simbahan at sa mga*

*namumuno ng simbahan ang lahat ng aking mga plano at hinggin ang patnubay at payo mula sa kanila at maging handa na ituwid at sundin ang mga payo na darating at sumasang-ayon sa iyong Salita at sa iyong kalooban.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na balake at babae na ipinangako ang kanilang sarili sa mga simulain ng mensahe. Panginoon patnubayan mo sila at akayin sila palabas sa bawat tukso. Panginoon ako'y nanalangin na matutulungan namin sila sa pagbibigay sa kanila ng tamang mga payo at ng iyong Salita na ipinayo sa kanila na gawin ang iyong kalooban. Panginoon habang ipinakumbaba nila ang kanilang sarili sa harapan ng iyong simbahan, Panginoon protektahan sila, tustusan sila at ibigay ang lahat ng knailang mga kailangan. Panginoon pasaganain sila at magabayan sila ng iyong mga plano at ibigay sa kanila ang katagumpayan sa kanilang buhay.*

*Panginoon ako'y nanalangin na tutulungan mo kami bilang isang simbahan upang ipatupad ang iyong Salita at ang katuruan na tinanggap namin sa mensaheng ito. Panginoon pangunahan kami na magturo, magpayo, gumabay at magpayo sa iyong bayan ng iyong Salita na gawin ang iyong mabuting mga plano para sa kanila, na tutuparin mo sa kanilang buhay. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu na magpatuloy na magebanghelyo at gumawa ng bagong mga alagad at buuin ang gawain na itinalaga mong gawin para sa amin. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami ng kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon tulungan kaming magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.